

# Chapter

# One

Lindsay went overboard again. Cole casually glanced around the beach currently populated by Lindsay and Calvin's one hundred something guests. Some sprawled around the white sand, others played beach volleyball, the rest frolicked in the pristine blue-green waves. Mukhang enjoy ang lahat sa two-week celebration ng engagement nina Lindsay at Calvin.

Napailing si Cole sa sarili. Dalawang linggong engagement party? Hell, may sayad ang dalawang iyon. O si Lindsay lang siguro. Hindi ito ideya ng kambal niya, sigurado si Cole. His beloved twin brother was the epitome of pragmatism and practicality. Ang fiancée nitong si Lindsay? Not so much. Not that he

had anything against that, really. He loved free beer after all. That, and women in bikinis.

Ngumisi si Cole at ibinalik ang atensyon sa babaeng nasa tabi niya. Lily—or was it Jenny? He'd stick to baby—had serious curves. At kitang-kita iyon sa suot nitong white two-piece swimsuit. Basa ang buhok nito mula sa paglangoy sa dagat, at makintab ang golden-bronze nitong balat. He could already picture himself licking her from head to foot.

Yeah, baby. He loved women in bikinis.

“So,” aniya, malawak na nakangiti kay Lily (or Jenny), “you’ll go back to Manila next week?”

Napakagat-labi ang babae, mukhang nahihiya, pero lalo nitong nilapit ang katawan sa kanya at pinaglaro pa ang mga daliri sa kanyang maikling buhok. Namigat ang mga talukap niya sa pagkiskis ng malulusog nitong dibdib sa kanya, at ramdam ni Cole ang pamumuo ng init sa kanyang dugo. The woman was practically naked, and her soft, smooth skin felt warm against his. Yeah, this was life.

“Yes,” usal nito saka umayos ng higa sa tuwalya sa may buhanginan at hinihila siya paibabaw rito.

Umihip ang hangin mula sa dagat, at dinala niyon sa kanya ang nakalalasing na samyo ng buhok at balat ng babae. *Ah, heaven, here he comes.*

“But I can come back every other week,” she said, smiling shyly at him. “Then, we can see each other

regularly.”

Natigilan si Cole. Umurong din ang init sa kanyang mga kalamnan na para bang natuka siya ng ahas. From afar, he saw the gates of heaven closing. “Uhm...” aniya, at maliit na ngumiti sa babae saka pasimpleng inilayo ang katawan dito. “Come back here?”

“Yeah.” Malawak na ang ngiti ng dalaga. “Hindi naman ganon ka-busy ang school ngayon, so I can always come back here.”

Whoa! Tuluyan nang nanlaki ang mga mata ni Cole. School? What school? F\*ck. Underage pa ba ito?

“Wait...” Hinawakan na niya ang mga braso ng babae para kalasin ang pagkakayakap sa leeg niya. He suddenly felt claustrophobic. “School? What school? You’re still in school?”

“Yup. I’m taking up Business Management.”

“Pero s’abi mo kanina, nasa business ka na ng magulang mo.”

Tumawa ito. “Yes. Masters na ang kinukuha ko. Don’t look so scared. I’m twenty-eight, Cole.”

Napakurap siya rito. Twenty-eight. Masters. Oh, right.

Tumawa siya at napahawak sa batok. Silly him. Oo nga pala at hindi lang natatapos ang pag-aaral sa kolehiyo para sa iba. Some people actually studied for Masters and PhD. Why they would choose to torture themselves like that was beyond him. But to each his

own, sabi nga. Kagaya na lang ng Kuya Jordan nila na nasa to-do list ang world domination.

Ngumiti ulit siya sa babae at muling ibinaba ang katawan sa malambot na katawan nito. “So...” aniya, malawak na ulit ang ngiti. “I just want to be clear, baby, I’m not into relationships. But if you want to have fun tonight, I have a PhD in that. I’m all yours. But that’s all. We have to be on the same page on that.”

Nandoon ulit iyong nahihiyang ngiti ng babae, at muli nitong hinigpitan ang kawit ng mga braso sa kanyang leeg. He saw heaven smiling down at him again. “Yeah, I’d love that. Let’s go to my room and—”

“Cole! How could you!”

Napaigtad siya nang marinig ang sigaw mula sa kung saan. Nasundan iyon nang matinis na paghikbi na para bang daan-daang mga paniki.

“How could you do this to me?” atungal ng babae. “How could you leave me?”

Napalingon siya sa pinanggalingan ng ingay. At nanlaki ang mga mata niya nang makita ang isang babaeng tumatakbo papunta sa kanila.

Okay, that looked like one homicidal chic. He didn’t recognize the woman, but the wild look and crying face was enough to put the fear of God into his heart.

“How could you just leave me like that? Bakit nanlalandi ka na naman ng iba?”

And that, ladies and gentlemen, was his cue to run.

Halos madapa siya sa pagtayo.

“Hey!” angal ng babaeng kalampong niya kanina. “San ka pupunta?”

“Sorry, Lily, next time na lang siguro.”

“It’s Krissy!”

He knew he should have stuck to ‘baby’.

Kumaripas siya ng takbo bago pa siya maabutan ng babaeng sumisigaw ng pangalan niya.

“Cole!” tili nito. “Come back here! How could you do this to me? How could you leave me!”

Oh, God, not again. Nagtagis ang mga bagang na binilisan niya ang takbo.

“Cole! Please! Come back here! I love you!”

“F\*ck off!” he hissed.

Tinakpan niya ng mga kamay ang tainga at lalong tinulinan ang pagtakbo.

“Cole! Please! I love you!”

Goddamn it. Godf\*ckingdamn it. Not another f\*cking stalker!

“Cole!”

“Get lost!” singhal niya.

Nagkandarapa siya sa pag-iwas sa mga turistang nagsa-sunbathing sa beach. Rinig pa rin niya ang pagsigaw ng babae, ang pagtawag sa kanya at ang pag-atungal nito.

Sinabunutan niya ang sarili. Why was this

happening to him? Ano ba ang maling ginagawa niya? Naging maingat naman siya. Kaya nga ayaw niya sa mga early twenties dahil mas madalas na maging clingy ang mga ito. At siyempre ayaw din niya sa mga underage dahil ayaw niyang makasuhan ng statutory rape. Cole always made sure the women knew the score, too. He never tried to fool anyone about who and what he was, goddamn it. But why the hell were there still women like this one who slept *once* with him and suddenly wanted his babies?

May natanaw siyang batuhan sa di-kalayuan, at nakaramdam siya ng pag-asa. He knew that place. Actually, he knew this whole beach like the length of his c\*ck. Lagi silang narito sa beach house nila tuwing weekend mula pagkabata niya. May maliit na espasyo sa batuhang iyon na puwedeng pagtaguan. May daan papunta roon na hindi kailangang languyin, pero nagmamadali siya.

Tumalon siya sa dagat at mabilis na nilangoy ang batuhan.

“Cole!” the woman screeched. “Please! How could you do this! You asshole!”

Yeah. Yeah. Asshole, jerk, whatever. They all had their roles in life. Sa pamilya nila, ang Kuya Jordan nila ang business minded/slave driver/blackmailer/The f\*cking ‘Commander’. Si Paul ang ‘The Mysterious One,’ ‘The Bookish One,’ ‘The Virgin One’-er, ‘The

Shy One.’ Ang kambal niyang si Calvin ang laging maaasahan at parang pader na masasandalan. His twin was ‘The Soldier.’ Kai was ‘The Clown.’ At siya? He’s ‘The Manwhore,’ baby. And he loved it.

Nilingon niya ang kanyang stalker sa pampang, at nakitang sinusundan pa rin siya nito. God, why did the crazy ones always run after him?

Nagmura siya at binilisan ang paglangoy. Narating ni Cole sa wakas ang batuhan at nanalangin siya na hindi siya natanaw ng kanyang stalker. Nag-ala *Spider-Man* siya sa pagkapit sa mga bato, at maliksing tumalon pababa sa buhanginan.

“Ah!”

Napalipad ang tingin niya sa suminghap. Isang patpating binatilyo na nakasalamin ang nakahiga sa buhanginan. “Shh!” Tinakpan niya ang bibig nito.

The kid’s eyes were huge behind the eyeglasses.

“Cole!” singhal ng kanyang stalker mula sa kung saan. “Stop acting like a coward and face me!”

*Hah. Nice try, sweetheart.* He’d learned his lesson well. Ang pinakamabisang paraan para iwasan ang mga stalker ay magtago sa mga ito. O kumuha ng *Temporary Restraining Order*. Kumuha na siya minsan ng TRO noon dahil sa isang stalker. He wished he was kidding, but the stalking really did become so alarming he had to call the police. Everyone, welcome to the life of gorgeous Cole Damian Mendoza.

“Be quiet,” impit niyang utos sa binatilyo. Namimilog ang mga mata nito at parang walang kulay ang mga pisngi. “Don’t you dare make a sound,” he hissed.

Gumapang siya sa likod ng binatilyo papunta sa maliit na uwang sa mga bato. Damn it, masyado nang maliit iyon para sa katawan niya. It was a great hiding place when he was twelve, but now, he could barely fit his torso.

“Cole!” sigaw ng babae at muntik na siyang mapasigaw din.

Goddamn it.

“Hey,” tawag niya sa teenager. “Takpan mo muna ako. Sandali lang, hanggang umalis lang ’yung humahabol sa ’kin. Come on.”

Hinila niya ito sa braso para magsilbing harang sa uwang. The kid was thin and almost weighed nothing. Mga bata talaga ngayon; puro videogames at hindi na marunong tumakbo at maglaro sa araw. Puro patpatin tuloy.

“Cole!” the woman screeched.

Malapit ang boses nito sa pinagtataguan niya, at lalo niyang isiniksik ang sarili sa mga bato.

“Cole! Cole!”

Pumikit siya at pinagsalikop ang mga palad. *God, please, please, please. Deliver us from evil, please!* He’d stop stealing Kai’s chocolates, he promised.



Hinila pa niya nang kaunti ang teenager para takpan siya. Halos dumikit ang buhok nito sa kanyang mukha. Nanuot sa kanyang ilong ang amoy ng... vanilla?

The hell?

He frowned as he caught another whiff of vanilla and cream. Parang ganoon ang amoy ng mga mamahaling scented candle ng mama nila. Was it the kid? He took a quick sniff of the boy's hair. Vanilla, alright. Well, to each his own, he guessed.

“Wala na siya,” sambit ng binatilyo mayamaya.

“You're sure?” he asked hopefully.

Maikling tumango ito. Malalim siyang huminga at nakiramdam. Evil was a tricky creature. Hindi siya magpapahuli rito. Rinig pa niya ang pagtawag ng babae, pero mahina na iyon. Rinig niya ang paghampas ng alon sa dalampasigan, at ang paghuni ng ilang mga ibon.

Naglakas-loob siyang sumilip. Left, clear. Right, clear. No crazy stalker around. Mahina niyang itinulak ang binatilyo, pagkatapos ay maingat na lumabas sa uwang. Dahan-dahan siyang tumuwid para silipin ang dalampasigan sa likuran ng mga bato.

Natanaw niya ang kanyang stalker sa dulong bahagi ng dalampasigan, mukhang sumisigaw pa rin na parang si *Sisa*. Baliw talaga. Kailangan na ba niyang hingan ng mga psychological clearance ang mga

posibleng one-night stands niya?

“F\*ck,” mura ni Cole. Napadausdos siya sa mga bato at napaupo sa buhanginan. “F\*ck it.”

Naisuklay niya ang mga daliri sa buhok at nanghihina siyang napasandal sa mga bato. Pakiramdam niya ay kinuhaan siya ng ilang litro ng dugo.

Nakatitig sa kanya ang binatilyo. Magulo ang maikli nitong buhok at may buhangin doon. Maputla ito, mukhang hindi naaarawan. Maluwag ang t-shirt nito ganoon din ang suot na short. Halatang matangkad ito kahit nakaupo, siguro mga 5’8”, pero patpatin. Tingin niya ay nasa sixteen o seventeen ang edad nito. The kid needed muscles.

“Thanks, kid.” Bahagyang ginulo ang buhok ng teenager. “You saved me there.”

Hindi umimik ang kasama, mataman lang na tumitig na kanya. The kid had piercing brown eyes. Cool and detached. Tiger-look. The kid probably thought he was some sleazy son of a bitch.

Ngumisi si Cole. Hindi iyon malayo sa katotohanan. Nag-inat siya at umayos ng upo sa buhangin. God, that felt good. Nagkapulikat yata siya sa pagtupi ng katawan sa maliit na espasyo sa pagitan ng mga bato.

“I didn’t do anything wrong, you know,” aniya, at itinuwid ang mahahaba at maskuladong mga binti

sa buhanginan. “That girl was crazy. I don’t even remember her. We probably had a one-night stand, fine. But that’s the freaking point; *one-night stand*. Singular.”

Hinarap niya ang binatilyo, at seryosong tumitig sa mga mata nito. The kid had fine features, he noticed. Maliit ang ilong, maliit ang mukha. Siguro iyon ang uso ngayon dahil sa mga K-Pop stars. Pretty boy. Flower boy. Please. Mukhang mas maganda pa sa babae ang iba sa mga iyon. Men were supposed to be big and muscular and rugged. Narrow-minded and stereotypical? Yeah, yeah. Sue him.

“I didn’t lead her on, you know,” Cole said, feeling mightily indignant. “I have a rule about that. I always tell it straight. But there are always those crazy women who suddenly wanted to marry me and have babies with me. What the hell? Like, seriously? It’s just one night! Why the hell can’t they get that?”

He was angry! Ngayon, kailangan na niyang magtago hanggang bukas para iwasan ang babaeng iyon. *Adios* sa mga babaeng naka-bikini. *Argh!*

“Kaya ikaw,” babala niya sa bata. “Be careful with girls. Choose wisely. If you can, limit your involvement with them. Clingy girls are nasty.”

“Cole!”

Muntikan na siyang mapasigaw nang marinig ang pagtawag sa pangalan niya.

“Cole, ’asan ka na! I’ve dealt with her! ’Asan ka na ba? Labas na! Hinahanap ka ni Kuya Jordan!”

Nagtagis ang bagang niya at napahawak sa dibdib. F\*cking Kai. Muntikan na siyang atakihin sa puso doon. “I’m here!” asik niya.

Patiwarik na sumulpot ang ulo ng kapatid mula sa batuhan sa itaas, at muntikan na ulit siyang mapasigaw.

“Goddamn it, Kai! What the hell are you doing?”

Hindi sumagot ang bunsong Mendoza, at sa halip ay tumalon lang sa buhanginan. He swore pinaglihi ito sa unggoy.

“S’abi ko na nga ba, ’andito ka,” anito.

He glared at his sister. At first glance, mukha rin itong pubescent boy kagaya ng binatilyong katabi niya. Matangkad din si Kai at payat. Maikli rin ang buhok at flat ang dibdib. Seryoso, mas may boobs pa yata sila nina Calvin kaysa rito. Pero kahit sporty ang suot na short at shirt ng nakababatang kapatid, feminine pa rin iyon. His sister’s legs were toned and strong but still very feminine. Okay, he did not just talk about his sister’s legs. Gah.

“Wala na siya?” untag niya.

“Si Trina? Yeah. S’abi ko bumalik ka na sa summer house at nag-empake pabalik sa Baguio. She bought it. Kumaripas ng takbo pabalik sa cottage niya para mag-empake rin at sundan ka sa terminal.”

Nakahinga siya nang maluwag. There was a God!

Or in this case, may kapatid siyang magaling gumawa ng kuwento.

“You owe me,” anito.

“Are you sure she’s gone?”

“Not yet. Baka nasa cottage pa niya at nag-eempake. But seriously, Cole. Kung ayaw mong magkaroon ng stalker, don’t play around with girls!”

Nainsultong napahawak siya sa dibdib. “Are you shitting me? I *don’t* play around with girls. Dear sister, I’m one of the most honest guys you’ll ever meet around here, probably the most honest.”

“Yeah, right. At kaya kong i-prove ang *Pythagorean Theorem*.”

“Aw.” Matamis siyang ngumiti sa kapatid. “I’m so proud of you. *Pythagorean Theorem*. Big words. I-spell mo nga? And by the way, matagal nang na-prove ’yon.”

“F\*ck you. I bet hindi mo rin kayang i-spell ’yon.” Napabaling si Kai sa katabi niyang binatilyo. “Hey, Nicoleta, sorry hindi kita agad napansin. Hi!”

Napakurap ang mga mata niya sa kapatid. Nico-what? Napalipad ang tingin niya sa katabing teenager. Tumabing ang ilang hibla ng buhok sa mga mata nito nang tumango ito kay Kai.

“It’s okay,” the kid said. “Sometimes, I don’t notice myself either.”

Napakurap ulit si Cole. What the...?

Narinig na niya itong magsalita kanina, pero

masyado siyang kinakabahan dahil sa kanyang stalker kaya hindi niya masyadong napansin ang boses nito. It had been deep, but not entirely masculine. Pero inisip niya na dahil lang hindi pa nagde-develop ang boses nito. But hearing it now, it was indeed still deep, throaty even, but it was definitely *not* masculine.

“Nicoleta?” bulalalas niya. “You’re a girl?”

Kai snorted. “Pagpasensyahan mo na Nicoleta si Cole, nagka-seizure kasi ’yan n’ung baby kasi naibagsak siya, kaya medyo may mali sa kanya.”

Tinapunan niya ng sulyap ang kapatid. “Wrong. Ikaw ’yon. I dropped you myself.”

“What?” bulalas ni Kai pero nakatitig na siya sa binatilyo—er—sa dalagita?

Nicoleta just stared back at him, too; all placid and cool.

Ngayong mataman niya itong tinititigan, doon niya nakita ang pagkababae ng kabuuan ito. True, her bone structure was pretty strong for a female. She had a strong jaw and a straight-edged nose. But it was still too soft for a man, kaya nga ‘underdeveloped boy’ agad ang naisip ni Cole. But looking closely, he could now see the soft curve of her cheekbone, the delicate line of her brow, the fullness of her lips. And her skin—that soft pale skin’s definitely female.

Napahawak siya sa kanyang batok. Hell. Now, he felt stupid. “Uhm...” He smiled awkwardly. Was this

embarrassing or what? “Uh, sorry. Akala ko kasi ano, you know...”

“It’s okay,” Nicoleta said. “I do look like a boy.”

“No, you don’t,” bawi ni Cole. Sh\*t. He felt like biting his foot. “I didn’t mean... Ano lang kasi, I was confused. Kinakabahan kasi ako sa humahabol sa ’kin, I’m sorry, I didn’t look at you closely, I mean—I didn’t mean—you know...” *Gah!* He’s blabbering like an idiot!

“I have to go,” she said.

Binuka niya ang bibig para magpaliwanag ulit, pero isinara na lang niya. Nag-aalangan siyang napatitig sa estranghera habang tumatayo ito. Was she angry?

“Babalik ka na sa summer house?” untag ng kapatid niya sa babae.

Napaubo siya. “Sa summer house ka rin tumutuloy?”

Tumango ang dalaga, at umungol naman si Kai saka pasimple siyang tinadyakan.

“Shut up, Cole,” asik ng huli.

“What?” Inis niyang ipinukol ang tingin sa kapatid. He was not trying to be rude. It was a f\*cking legitimate question. “I was just asking.”

“Just shut up.”

“Do you expect me to know every guest staying in the house?” pakli niya.

He already felt bad for mistaking Nicoleta for a boy. He wouldn’t feel bad for not knowing she was staying

with them in the summer house. Like come on, halos may isang daang bisita doon.

“Why not?” balik ni Kai. “Halos dalawang linggo na natin silang kasama r'on.”

“Halos isang daan sila d'on.”

“Please. Wala pang trenta 'yung nandoon. Ang liit-liit ng summer house natin.”

“Thirty is still a lot of people,” he snapped. “I couldn't possibly remember everyone I just met here.”

And he was hardly in the house anyway. He was busy hooking up with girls someplace else. Ayaw niyang magkaroon ng ugnayan sa malalapit na kaibigan ng mga kapatid niya. Too f\*cking messy. One night of fun was not worth that kind of trouble.

Umungol si Kai at masama siyang pinukulan ng tingin. “That's the freaking point, Cole! You didn't just meet her here. This si Nicoleta Cassandra Lizarde. Recognize the name? Lizarde? *Hotel Lizardes*? Like, hell, dude! We practically grew up with her. She's my classmate in high school and elementary, ilang beses na siyang pumunta sa bahay natin. I'm pretty sure you've met her like fifty times already!”

Namilog ang mga mata niya at napaawang ang mga labi. Napalipad ulit ang tingin niya kay Nicoleta. Kaswal lang na nakatayo roon ang babae, mukhang walang interes sa pinag-uusapan nila.

He gulped. Lizarde? The ultra rich Lizardes? Iyong



may-ari ng halos buong Laoag at ilan pang parte ng Ilocos Norte? And she'd been in their house like fifty times?

Napahawak ulit si Cole sa batok.

“Uh...” Napangiwi siya at mapagpaumanhing tumango. “Uh... really?”

Tumango lang ang babae at maikling kumaway kay Kai. Pagkatapos, binagtas na nito ang daan palabas ng batuhan. Hindi ito umakyat sa mga bato kung saan nanggaling ang kanyang kapatid kundi iyong mahabang daan ang sinundan nito—the normal route. May sayad lang talaga ang kapatid niya.

“You asshole!” Sinipa siya sa binti ng nabanggit na may sayad na kapatid.

“The hell,” angil ni Cole. “Nakalimutan mo na naman bang uminom ng gamot?”

“You embarrassed her!”

“Try looking at yourself in the mirror, will you? You're the one who started stressing out how I didn't recognize her.”

“Eh, hindi naman talaga!”

“You need to learn tact.”

“You're the one who mistook her for a boy.”

“Lower your voice!” he hissed. “Isigaw mo pa, sige. Pinapahiya mo rin siya sa sinasabi mo.”

Nanlaki ang mga mata ng kausap, at napalipad ang tingin sa direksyon na tinahak ni Nicoleta. And

damn it, hindi pa ito ganoon kalayo sa kanila. Sigurado siyang narinig pa sila ng dalaga. She walked so slowly!

“F\*ck,” usal ni Kai.

“Yeah, f\*ck,” gatong ni Cole. “Next time, learn to be a little discreet, will you?”

Sumimangot ang kapatid, pero hindi na umalma. Good. Because he was definitely right in this case. Umiling na lang si Kai at sumunod kay Nicoleta.

“Come on,” anito. “B’alik na rin tayo sa summer house. Hinahanap ka na ni Kuya Jordan.”

Sumimangot siya, pero tumayo na rin at pinagpagan ang puwitan. Napasulyap ulit siya sa dalaga sa harapan nila.

Maingat itong humawak sa mga bato at naglakad sa gilid ng buhangin. Muntik pa itong madulas sa mga bato. At least he was right about one thing: Mukha itong lampa. Mukhang kulang sa exercise. At ngayong nakatitig siya sa likuran nito, parang ganoon din ang hitsura ng harapan nito. It was flat! And what’s with the baggy clothes? Masisisi ba siya kung napagkamalan niya itong binatilyo?

“Do you think she’s angry?” bulong niya sa kapatid.

“Probably. But maybe not. I’ve never seen Nicoleta angry.”

Tumango si Cole at napahawak ulit sa batok. He didn’t like enemies. He was hippie and a make-love-not-war kind of guy.

Binilisan ni Kai ang paglalakad. “Dalian na natin, sabi ni Kuya Jordan i-entertain mo raw ’yung possible investor niya. I-tour mo raw siya sa island.”

He snorted. “Hindi mo ’ko mapapalapit d’on.”

His sister smiled evilly. “Bakit? Ginapang ka kagabi?”

“Shut up.”

Hindi siya ginapang ng milyonaryong kaibigan ng Kuya Jordan nila, pero muntik na. The bastard kept touching him everywhere when they sat next to each other during dinner last night. He had nothing against gays. Pero ibang usapan na kapag gustong umupo ng mga ito sa kandungan niya.

“Well, I guess you’d better hide in your room, then,” nakangising banat ni Kai. “Dahil kanina pa ka hinahanap ni Jonathan. Iba talaga ang kamandag mo, kapatid. Lahat sila nahuhumaling sa ’yo!”

He bit back a groan. He wished his sister was kidding. “F\*ck off,” he muttered.

